
Pagtalunton at Pagsasalin sa Wikang Filipino at Ingles ng mga Kaalamang Bayan ng Tuwali ng Ifugao: Tungo sa Pagbuo ng Aklat sa Panitikang Pambata

HILDA N. IMMANGDUL
himmangdul@gmail.com

FELISA M. ANICETO
aaron.aniceto16@gmail.com

NERISSA N. BEHHAY
nerissabehhay@gmail.com

VALENTINA I. BUMINAANG
Chairperson, BPED

Ifugao State University-Potia Campus

Abstract — Ang pag-aaral ay nakatuon sa pagtatalunton at pagsasalin sa mga kaalamang-bayan ng Ifugao, tungo sa pagbuo ng isang aklat na panitikang pamabata. Isinagawa ang pag-aaral sa pamamagitan ng palarawang pamamaraan. Ginamit and di-binalangkas na pakikipanayam mula sa piling tao ng matatandang maalam sa wikang Tuwali at sampung tao na Ifugao na guro sa Filipino kaya nagkaroon ng isang Dalisay na salitang saliksik. Sa resulta ng pag-aaral, lumabas sa result na iilan ang mga napanatiling mga kaalamang-bayan sa pag-uuri ay ang mga sumusunod: tugmang panudyo, palaisipan, bugtong at iba pang kaalamang bayan, dahil din sa impluwensya ng makabagong panahon. Ginagamit ang gabay sa pagsasalin ni Newmark, mula sa kanyang ang sumusunod na sinundan sa pagsasalin, isa-sa-isang pagtutumbas, salitang hiram,kultural na pagtutumbas, pagpapaikli, at paraprasis. Mula sa kinalabasan ng pag-aaral, iminumungkahi ang pagkakaroon pa ng ilang pananaliksik sa mga natatagong hiyas na kaalamang-bayan na hindi pa nailathala para sa makabagong henerasyon, pagkakakilanlan sa sariling kaalamang-bayan para sa mas maunlad na pagtangkilik sa sariling lahing kaalamang-bayan.

Keywords: Tuwali, Pagsasalin, wikang katutubo, wikang Filipino, talunton, panitikang bata.

I. INTRODUKSYON

Malayo na ang narating ng ating mga panitikan kung ihahambing sa mga panahong tayo'y nanghihinala sa gitna ng pananakop ng mga dayuhan. Malaki ang naiambag ng ating mga ninuno sa kung ano ang kalagayan ng mga panitikang mayroon tayo sa kasalukuyan. Dumaan sa maraming proseso upang makilala at dapat ipagmalaki ang sambayanang Pilipino ang panitikang Filipino. Gayun pa man, malaki ang nabago sa paraan ng pagtuturo at pagkatuto sa mga babasahing pampanitikan dahil sa teknolohiya. Sa tulong nito, naging malikhain ang mga manunulat sa paraan ng pagpapahayag ng mga karanasan, damdamin, kaisipan o kuwento sa buhay ng isang tao.

Ang mga babasahin pampanitikan ay maaaring batay sa katotohanan o gawa-gawa lamang para sa isang layunin. Na sadyang sinang-ayunan naman sa pahayag ni Alejandro Abadilla ang kinikilalang "Amang Modernistang Pagtula sa Tagalog". bukod sa pagiging makata, isa rin siyang nobelista at kritikong pampanitikan na nagsasabing ang panitikan ay isang bungang isip na isinatitik.

Ayon kay Reyes sa aklat ni Semorlan (2014) ang panitikan ay isang payak na mga kwento. Para sa mga manunulat, ang panitikan ay isang malinaw na salamin, larawan, repleksyon, o representasyon ng buhay, karanasan, lipunan at kasaysayan.

Literatura ang ibang panumbas ng panitikan sa Pilipinas at literature naman sa Ingles na batay sa salitang-ugat ng wikang Latin na "litera" na ang kahulugan ay letra o titik. Ito ay binubuo ng morpemang panlaping PANG-(unlaping nagiging PAN-kapag ang kasunod na salitang-ugat ay nagsisimula ng simulang T sa pagkakasunod sa PAN-; at ang hunlaping AN. Samakatuwid; TITIK-AN (Panganiban), (Linawan 2013), (Sermolan, 2014).

Ang terminong panitikan ay tinatawag na masining na pahayag sa pamamagitan ng paggamit ng salita sa paraang oral na wika. Sa ganitong paraan ng pagpapalawak, ginagamit din ito upang sumangguni sa hanay ng mga gawa na nakikitungi sa isang tiyak na paksa.

Ayon sa pananaliksik ni Santiago (2007) sinasabing sa totoo lang, lahat ng panitikan magmula pa sa sinaunang panahon hanggang ngayon ay mauugat sa paggamit ng wika na kung

saan imbensyon ng panitikan ay kaakibat ng pagkaganap at pag-unlad ng wika o ang kahit anumang wika.

Malawak ang nasasakupan ng panitikan na kung saan wala itong tinatago. May iba't ibang uri ng panitikan na nakapokus sa piksyon o kathang-isip na ang ibig sabihin ay ang mga kwento at paglalarawan ng mga tunay na kathang isip na mga kaganapan o tauhan. Sa ganitong paraan ginagamit ng mga manunulat ang kanilang imahinasyon para sa pagsulat ng mga akdang bungang-isip lamang. Dahil sa pagiging malikhain sa pag-iisip umimbento sila ng mga kathang isip na mga tauhan, pangyayari, sakuna at pook na pinangyarihan ng kwento para sa kanilang mga akda. May mga tinatawag namang di-piksyon o di-kathang isip na ang ibig sabihin ay isang paglalahad, pagsasalaysan o kinatawan ng isang paksa na inihaharap sa isang may-akda bilang kaalaman hinggil sa paksa. Pinipilit dito ng manunulat na maging tumpak sa mga detalye ng mga pangyayari. Hindi gawa-gawa lamang ang nakaingganyong kuwento. Ang ganitong paghaharap o presentasyon ay maaaring tumpak o hindi; na ang ibig sabihin ay maaaring magbigay ng tunay o hindi tunay na paglalahad sa paksang tinutukoy. Nakapokus ang pag-aaral sa mga karunungan o kaalamang-bayan na kung saan nahahati sa bugtong, salawikain, kasabihan at palaisipan. Ang karunungan bayan ay parte ng panitikan kung saan nagbibigay daan ito para maipahayag ang mga kaisipan na nakabilang sa bawat kultura ng isang tribo. Ayon kay Angelina sa pananaliksik ni Ermorlan (2014) at Sidon (2015) ang bugtong-bugtong o kung tawagin sa Ingles ay “riddles” ay paglalarawang binibigkas nang patula na humihingi ng isang tiyak na kasagutan. panitikan ay kailangan. Ito ay isang mahalagang bahagi ng pag-aaral, dahil hindi lang patula na humihingi sa isang tiyak na kasagutan. Batay sa paglalarawan, pakikilusin ng tinatanong ang kaniyang imahinasyon hanggang ganap na mabuo sa kanyang isipan ang kasagutang panumbas sa inilalarawan. Ito ay mga palaisipan na ang mananalo o makakakuha ng premyo ay ang makakahula ng palaisipan. Pangalawa; ang salawikain o kasabihan naman, o kilala rin sa Ingles sa Proverbs ay ang simple, konkreto, at tradisyunal na kasabihan na nagpapahayagng katotohnaan na base sa sentido komun o karanasaan. Ito ay kadalasang dinadaan sa talinhaga. Malaki ang naitutulong ng salawikain sa buhay ng isang tao sapagkat maaaring mabago nito ang katauhan o pamamaraan ng pamumuhay dala ng mensahe ng pahayag. Pangatlo ay ang mga kasabihan ay nagbibigay ng payo at nagsasaaad ng katotohanan ukol sa mga pang araw-araw natin na gawain, kilos o desisyon sa buhay. Pang-apat naman ay ang palaisipan na isang paraan ng pagpukaw, paghahasa ng malilikot na kaisipan

na kung saan nakalilibang sa isang tao bukod sa nakararagdag o nakapagpapayaman ng kaalaman. Sa pamamagitan ng palaisipan, maaaring masanay sa pag-iisip nang mabuti o makatutulong sa magandang pagdedesisyon para sa ikalulutas ng isang suliranin o problemang kinakahap.

Ang isang bahagi ng may itinatanging panitikan sa Pilipinas ay ang panitikang Cordillera. Dito matatagpuan ang karamihan ay Igorot. Ito ang kolektibong termino para sa mga etnolingguwistikong grupong naninirahan sa kabundukan ng Cordillera. Kabilang sa CAR ang probinsya ng Abra, Apayao, Ifugao, Kalinga, Bontoc o Mountain Province at Benguet. Naninirahan dito ang ilan sa pinakatampok na grupong etnolingguwistiko tula ng Tingulan, Isneg, Ifugao, Kalinga, Kankanay, Ibaloi, o Nabaloi. Isinan, at marami pang iba. Pinakamayaman ang pook na ito sa kaalamang bayan na isinasalimbibig sa mga henerasyon. Kaya matutuklasan dito ang iba't ibang anyo ng panitikang-bayan, magmula sa epiko, mga mito, mga alamat, mga kwentong-bayan, pabula, kasabihan, mga awit na tinaguriang salidum-ay, at mga ritwal.

Ang pag-aaral sa mga panitikan ng Cordillera ay pagpapailalim ng pag-alam sa identidad ng mga Pilipino, at sa ibinubunga nitong pagbabago at pag-unlad sa pamumuhay ng mga katutubo, naikikintal ang tiyak na pagkakakilanlan sa lahing Filipino. Ang Ifugao ay kilala sa taglay nitong kagandahan sa paglikha na nasisilayan sa dunong pangkasaysayan sa itinatanging kagandahan ng Hagdan-hagdang Palayan na makikita o matatagpuan sa bayan ng Banaue. Marami rin ang mga panitikang-bayan ang Ifugao.

Isang malaking gampanin pa rin hanggang ngayon ang patuloy na edukasyon ng madla, lalo ng mga magulang at guro. Nakasalalay ang higit na mabilis at malawakang pagsulong ng panitikang pambata sa wastong pagsulong ng pambansang pagpapahalaga sa panitikan at aklat pambata, ayon kay Almario (2017).

Ang mga panitikang pambata ay tumukoy sa mga akdang pampanitikan na isinulat para sa mga bata. Ito ay nailalarawan sa pamamagitan ng paggawa ng malawak na paggamit ng mga imahe at maaaring masakop ang lahat ng tatlong genre ng pampanitikan. Ang panitikan ng mga bata ay gumagamit ng payak na wika at simpleng paglalarawan na madaling maipaliwanag ng mga bata.

Maituturing na isa sa pinakamatandang sining ang tula sa kulturang Pilipino. Batay sa kasaysayan, ang mga unang Pilipino ay may likas na tradisyon, gawain, at kakayahang magpahayag ng kanilang kaisipan sa pamamagitan ng mga salitang naiayos sa isang maanyong paraan' (Imperial,Joy (2023). Isang sangay ng panitikan kung saan nagiging daan upang maihayag ang mga kaisipan na napapabilang sa bawat kultura ng isang tribo.

Ayon kay Alejandro Abadilla, "bawat kibot ng kanilang bibig ay may ibig sabihin at katuturan.Ito ang ipinalalagay na pangunahing dahilan kung bakit nabuo ang iba pang mga akdang patula tugmang de Gulong at tulang panudyo.

Ang tulang panudyo ay kilala rin sa tawag na "tugmang walang diwa", ang mga ito'y pawang laro lamang na nagpapahayag ng katutubong kaugalian, kagandahang asal ng ating mga ninuno. Nagtataglay rin ang mga ito ng aral at magagandang mensahe. Tulang Panudyo naman ay ang anyong panugmaang-bayan ay tatludturan o dadalawahing taludtod lamang,dili kaya'y apaludturan o aapating taludtod lamang ang bumubuo sa isang saknong -Bawat taludtod ay may sukat (may bilang ang pantig) at tugma (ang hulihan ay magkasintunog) Tulang de Gulong ay ang maikling nakasulat sa mga pampublikong sasakayann at malaya ang publikong basahin ito.mga paalala na maaring matagpuan o mabasa sa mga pampublikong sasakayan tulad ng dyip,bus at traysikel. kawili-wili at katawa-tawa ang nilalaman nito sa dahilang ito ay naglalarawan ng pang-araw-araw na buhay at damdamin ng mga drayber,gayundin ng mga pasahero. nagpapakita rin ng mga karanasan ng mga drayber sa pa.kikipag-ugnayan nila sa kanilang mga pasahero malungkot man ito o masaya.

Bugtong at Palaisipan Ang bugtong ay isang anyo ng laro na nangangailangan ng talas ng isip sa pagbibigay ng sagot na kadalasang ginagawa ng mga binata at dalaga. Binubuo ng isa o dalawang taludtod na may maikli na may sukat at tugma ang pantig naman nito ay maaring apat hanggang labindalawa, Isa sa mga usong libangan ng mga bata noon. Ito ay mga pangungusap na palaisipan at may nakatagong kahulugan. Palaisipan: mga tanong na kadalasang nakakalito sa mga tagapakinig .Sa una'y kala mo walang sagot o puno ng kalokohan ngunit kung suriin, ang palaisipan ay nagpapatalas ng isip at kadalasan nagbibigay ng kasanayang lohikal sa mga nagtatangkang sumagot.

Ang unti-unting pagkawala ng mga dinalumat ng taon na mga kaalamang bayan ay kailangan buhayin sa mga susunod na henerasyon lalo sa mga bata na hindi mulat sa katotohanan na mas kasiya-siyang magbasa ng mga iba't ibang kaalamang na may tutulong sa kanilang pagkatao na maaring mapasalin-dila sa susunod sa kanila para maging buhay ang mga natatagong hiyas ng kaalamang-bayan kaya't ang pagsasaaklat sa mga ito ay lubusang mapanatili ang buhay sa isip ng mga susunod na henerasyon.

Paglalahad ng Suliranin

1. Ano-ano ang mga kaalamang- bayang ng mga Tuwali ng Ifugao?
2. Ano-ano ang mga panuntunan sa proseso ng pagsasalin?
3. Ano-ano ang mga paraan sa pagpapabalido na isasagawa sa nakalap na kaalamang-bayan ng mga Tuwali ng Ifugao?

II. METODOLOHIYA

Paraan ng Pananaliksik

Sa bahaging ito inilahad ang disenyo ng pag-aaral na ginamit, lokasyon ng pag-aaral, mga tagatugon, paraan ng pagkuha ng mga datos at instrumento sa pagkuha ng mga datos.

Disenyo ng pag-aaral

Ginamit ang deskriptibo o palarawang disenyo ng pananaliksik sa pag-aaral na ito upang makalap ang mga datos na kakailanganin sa pag-aaral. Ayon ky Sanchez na halaw sa ulat-papel ni

Galvez (2014) ,ang deskriptibong pananaliksik ay kinabibilangan ng lahat ng mga pag-aaral na nangangahulugan sa kasalukuyang katotohanan na may kinalaman sa kapaligiran at kalagayan ng anumang paksa. Binigyang kahulugan naman ni De Vaus (2011) bilang pagbibigay tugon sa mga tanong na sino, ano, kailan, saan, at paano na may kinalaman sa paksa ng pag-aaral.Hindi Ito makatugon sa tanong na bakit sapagkat naglalarawan lamang ito ng tiyak at kasalukuyang kondisyon ng pangyayari at hindi ng nakalipas o hinaharap.

Lokasyon ng Pag-aaral

Nakatuon ang pag-aaral sa bayan ng Hingyon Ifugao na puro Tuwali ang wika nila. Pinili lamang ang lugar sa tanyag nang mga kaalamang bayan ng Ifugao

Mga Tagatugon

Ang kasangkot sa pag-aaral na ito ay ang mga tao sa Ifugao na naninirahan sa Hingyon Ifugao ,mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino sa Hingyon na taal din na mga Tuwali . Sila ay napili bilang tagatugon ayon sa kanilang katangian kasapatan sa kaalaman sa paksang sinasaliksik para sa isang dalisay na pagkuha ng mga datos na kinailangan sa pag-aaral.

Instrumento sa Pag-aaral

Ang instrumento na ginamit sa pag-aaral sa paglikom ng mga datos bilang tugon sa suliraning inilahad sa pag-aaral ay ang di-binalangkas na pakikipanayam. Binigyang kahulugan ni Morante,S. (2013) ang uri ng panayam na ito ay walang inihandang mga katanungan para sa kakapanayamin. Ang daloy ng pag-uusap ay walang tiyak o nakatakdang punto.

Paraan ng pagkuha ng mga datos

Naisagawa ang pagkuha ng mga datos sa pamamagitan ng paghanda para sa isang dibinalangkas na pakikipanayam. Ang daloy ng pag-uusap ay walang tiyak o nakatakdang punto. Habang inilalahad o sinabi ang mga kaalamang-bayan ay isinulat naman ito ng mananaliksik. Pagkatapos ay muli niya itong basahin sa harap ng tagatugon para marinig niyang muli o mapabalido niya ang tamang pagkasabi o wasto ang baybay. Sa pagsasalin ng mga nakuhang datos, sumangguni ang mananaliksik sa gabay ng pagsasalin ni Newmark (1998) na ang mga sumusunod: Isa sa isang pagtutumbas, salian hiram, paraphrase. Idinagdag din ang paggamit sa bagay na pagsasalin ni Liphahme (1997) sa mga pantanging pangngalan na una, maaaring panatilihin at huwag baguhin ang pantanging pangngalan na ginamit, ikalawa, panatilihin ang pangngalan ngunit bigyan ng pagpapakahulugan. Ikatlo, palitan ang pangngalan sa isa pang karaniwang pangngalan. Pagkaraang maisagawa ang pagsasalin, sinikap ng mananaliksik na isagawa rin ang pagpapabalido sa ginawang salin sa mga taal na Ifugao na mga gurong nagtuturo ng Filipino.

III. RESULTA AT DISKUSYON

Sa resulta at diskusyon nakalahad ang mga nakuhang mga datos bilang tugon sa mga suliraning nais masagot. Mula sa mga talahanayan makikita ang mga naging interpretasyon at diskusyon.

I. Ang mga kaalamang-bayan ng mga Tuwali ng Ifugao.

Bilang	Mga Kaalamang Bayan sa Filipino	Mga Kaalamang bayan ng Tuwali
1	Tulang - panudyo (uri ng akdang patula na kadalasan ang layunin ay manlibak, manukso. O mang-uya - Ito ay kalimitang may himig nagbibiro kaya ito ay kilala rin sa tawag na pagbibirong patula	12
2	Awiting Panudyo	0
3	Tugmang panudyo	0
4	Tugmang de Gulong	0
5	Bugtong	2
6	Palaisipan	2

7	Iba pang kaalamang bayan	Iba pang kaalaman bayan (salawikain; Idyomatikong pahayag)
	Salawikain	24
	Sawikain	10
	Kasabihan	12

TALAHANAYAN 1 MGA KAALAMANG-BAYAN NG HINGYON, IFUGAO

Ipinapakita sa talahanayan 1. ang iba't ibang kaalamang bayan na nakalap ang pinakamaraming bilang ay ang kasabihan, pangalawa ang bilang ng sawikain at ang pinakakonting bilang at ang bugtong at palaisipan. Ipinapakita na ang mga katutubong Ifugao sa Hingyon ay tinatangkilik ang ng mga salawikain at magaling silang maghabi ng mga malalim na kaalamang bayan base sa kanilang obserbasyon sa kanilang paligid. Ayon kay Alejandro Abadilla (ama ng modernistang pagtula sa Tagalog), ayon sa kanya "Bawat kibot ng kanilang bibig ay may ibig sabihin at katuturan, ito ang ipinapalagay na pangunahing dahilan kung bakit nabuo ang iba pang akdang patula tulad ng tulang panudyo", tugmang de-gulong, bugtong at palaisipan at iba pang kaalamang-bayan. Sa kaalamang bayan ay ang mga sawikain, salawikain na may kaugnayan sa tugmang-bayan na sa lahim ng kaalamang bayan.

Ayon kay Lope K. Santos may apat na katangian ang tradisyonal na tulang Tagalog una ang sukat, ikalawa ang tugma, ikatlo ang talinghaga, at ikaapat ang karikitan. Ayon sa kanya, ang unang dalawang katangian (sukat at tugma) ay ang pisikal o panlabas na estruktura ng tula, samantalang ang huling dalawang katangian (talinghaga at karikitan) ay ang panloob na katangian ng tula. Sa pag-unlad ng porma ng tula, samantalang ang mga katangian sa tula ito rin ang pinasusulat ni Alejandro G. Abadilla ang ama ng modernismong panulaang Tagalog nang kanyang sulatin ang tula niyang "Ako ang daigdig." Pinasimunan ni Abadilla ang paggamit ng malayang taludturan o ang tinatawag ng mga Pranses n avers libre.

Sa pagsasaliksik din sa iba pang mga porma ng pagtula at pag-awit sa iba't ibang etnolinggwistikong grupo ng Pilipinas, napatibayang walang tiyak na pageporma ng pagtula at paghahayag ng damdamin at karanasan ang mga katutubo at ito ay may katutubo sa kanilang mga awit at tula. Ganito ang katangian ng lahi ng mga Ivatan, balak ng mga Subbuhanon, ng badeng at

daniw ng mga Ilokano at ng ambahan ng mga Mangyan. Gayunman may pagkakaisa sa apatulang paraan pagpapahayag ng damdamin at karanasan ang mga katutubo at ito ay ang katunayang mahalaga ang papel ng tula at sa pang-araw-araw nilang buhay. Laging kaanib ito ng ritwal may kasamang musika at sayaw o galaw ng katawan. Walang iisa o takdang depinisyon kung gayon ang tula at pagtula. Ngunit kilalanin ang ilan sa mga tanggap ng mga anyo nito batay sa nilalaman, anyo paraan ng pagsusukat at pagtutugma. ng pagtanggap nang mga anyo nito batay sa nilalaman, anyo, paraan ng pagsusulat at

2. Panuntunan sa proseso ng pagsasalin na isinagawa sa nakalap na kaalamang bayang pambata ng mga Tuwali ng Ifugao.

Blg	Kaalamang-bayan ng Hingyon	Wikang Filipino	Wikang ingles	Uri ng kaalamang-bayan
1	Adita lumagi-lagitang te ihapat ditah nan patang ot maid odamon hi potang	Huwag magsinungaling,sa bandang huli ikaw ay magsisi	Don't be a liar because you will suffer the consequences in the end	Kasabihan
2	Mahapul onta mikilang ya ahi waha itanu'tu" ang hinan bah' ang	Kailangang ikaw ay magtrabaho bago may makain	Work before you have something to eat	Salawikain
3	Adita e maibanullogan on adita mapallogan	Huwag maging mayabang na wala ka namang ipagmamayabang	Don't pretend to be somebody when you're not	Salawikain
4	Adita e dumongo-dongol on ayta gamingol an adi mangngol	Huwag maging huwaran kung may katigasan rin ang ulo	A model of good deeds but inside still a hard-headed one	Salawikain
5	Ayta anu gomo'h an mahmahmoh'	Taong walang silbi	Useless person	Salawikain
6	Manmanuwot te ayta buwwot	Taong maalam sa gawain	All-around person	Sawikain
7	Adi dita tulanganon te ayta bulanganon	Di tanggap sa isang pamilya	Rejected by a family	Sawikain

8	Adi dita ayagan te agge ta nabonyagan	Di imbitado dahil hindi kilala	Not invited because not famous	Sawikain
9	Adi dita imbitalon te puttut han inpantalón	Hindi tanggap dahil; sa pananamit (mahirap)	Not accepted because of the style of dressing (poor)	Sawikain
10	Adita e maihanan-hannu te ume ta impilnu	Huwag makipag-away para hindi mapunta sa impyerno	Don't quarrel so that you will not go to hell	Kasabihan
11	Adita e maihuda-hudangit ya aggeta e nun ngam-ngammit te onta pumangit ot adita umeh langit	Huwag kang pala-away dahil ikaw ay papangit at hindi ka mapunta sa langit	Don't be quarrelsome because you will look ugly and will not go to heaven	Kasabihan
12	Adita e kumanayyatan te onta makalubayatan	Ang pala-away ay magkakaroon ng pilat sa katawan	Those who are quarrelsome will receive scars	Kasabihan
13	Adita e kumanallahkah te onta milalah	Huwah umpisahan ang away dahil ikaw ang maunang masaktan	Don't start a quarrel because you will reap what you have started	Kasabihan
14	Adita e mangngiilah kilah	Huwag mong umpisahan ang isang away	Don't be a trouble maker	Kasabihan
15	Buminibin ayu awidan hanadan nu nagulidan te on ayu umaldan	Lumayo sa mga taong may nakakahawang sakit	Stay away from people with contagious diseases	Salawikain
16	Imme muyung hi Kimmayung an nunpayung an e munuh-uhdung iha balung	Ang taong marunong maghanap ng pakain ay papalarin	People who are persistent in doing their best will be rewarded	Panudyo
17	Onta nahuyuwan ihan nitaguwan an aytan niyaw-awan	aong walang pakibanang	People who are useless	Sawikain
18	Babawiyan hanan e nunbahulan ot onta mapakawan mahnongan ya on dita winagahan	Humingi ng tawad sa lahat ng kasalanan at ika'y biyayaan ng Diyos	Ask forgiveness from all committed sins so the the lord will bless you,	Kasabihan

19	Indat da han bahinti te eda ingina iha kaputi ta itdung an e mih' kabiti	Ang maliit na halaga ay magbibigay saya sa taong nangangailangan	A little amount of money gives happiness to people who are most in need	Salawikain/Panudyo
20	Tuwen mahilong an munam-amlong hanan olong	Ang paghintay sa oras ng pahinga ay lubos na biyaya sa pagod sa katawan	The time to rest is most enjoyed by people who are so tired,	Panudyo
21	Immagang hantun bagang ya maaptu hantun putuh	Di alintana ang uri ng pagkain sa taong gutom	The king of food has no bearing to a hungry man	Panudyo/ Salawikain
22	Nalalgo e ya nunalgo ta matuyupan hantun dapan ya nibogwangan di nitaguwan ya nunamoh ta maulah hanan dika an himpopoka	Ang kalinisan sa katawan nagbibigay saya sa pakiramdam	Cleanliness of the body makes you feel happy and gay	Kasabihan
23	Adita umamo I Elmo tea munmunammoh	Huwag maiiggit di sa iba lalo kung ang gingawa ay hindi maganda	Don't be envious to people especially those who are doing bad things	Salawikain/Panudyo
24	Munhida nating ta adita mapanating	umain ng gulay para manatiling malusog	Eat vegetables to be healthy all the time	Kasabihan
25	Onda iyattang hanan eda igattang an mga gatgatang	Pagtutulungan ng mga nangangailangan	Helping people in need	Salawikain
26	Aditae maibannullogan te onta mabutuyugan	Ang maagang pakikipagrelasyon ay maaring hahantong sa maagang pag-aasawa	Early involvement in relationship will result to early marriage	Panudyo/ Salawikain
27	Alyonday onta galampingat nu adiy pangat	Kalapating mababa ang lipad kung pangit ang ginagawa,	A Woman doing wrong is a whore herself	Kasabihan
28	Munhida tuyu ta on ta muntutuyu	Ang simpleng pamumuhay nagkamali man ay hindi kalilimutang	People with simple life do not forget to ask forgiveness	Panudyo/ Salawikain

		hihingi ng pagpapatawad	when committed mistakes	
29	On dita idutan nu adi idattan hinan naboltan	Magbigay sa mga nangangailangan para ika'y pagpalain	Sharing a little to the needy is a joy forever	Salawikain/Panudyo
30	Nun tanud hi Daggami ta Dahmi nuntanud hi Malayyu ta dahyu	Magkakaiba man mga ninuno kultura at lugar na pinanggalingan ay iisa pa rin ang ating pinagmulan	Different generations, Cultures and places but we are one	Panudyo/ Salawikain
31	Munhida okla ta adi ay pinnoklah an maaoklah	Mamuhay nang masaya at huwag mainggit sa iba	Live happy, simple and do not envy others	Panudyo/ Salawikain
32	Alyon Bakkako hi mun kape hinan barako ta adi e mang mangako	Mamuhay ayon sa uri ng pamumuhay at huwag mamuhay sa karangyaan ngunit galing sa masama	Accept the kind of life your are in, not having a life full of evil acts	Panudyo
33	E humagub ta pangola nan munagub	Huwag kalimutang humingi ng kapatawaran sa poong lumikha para malinisan ang mga kasalanan na ginawa	Don't ask forgiveness for all the sins committed	Panudyo/ Salawikain
34	Hi Balwog an pinahona na nan aluwog an muna ayog- og te on kumog	Painumin ang mga nauuhaw	Serve water to those who are thirsty	Kasabihan
35	E hinwong Manwong hinan howong hanan pippiwong ad Boliwong	Si Manwong ay tagakuha ng Pippiwong sa Boliwong	Manwong is a hunter of Pippiwong in Boliwong	Panudyo
36	On ta maddutadut ya nahighiggaldut di dutdut hi onta nahadut	Ang tao ay pangit kapag siya ay tamad	Lazy people don't look good	Panudyo
37	Adita mun san sandu te gumapu an adita mun kasundu	Manamit nang tama para hindi ka kamuhian	Dress good so that you will not be judge negative	Panudyo/ Salawikain
38	Manling hi Dinamling ta on tumuling	Magsalita ng salita ngunit walang laman ang mga sinasabi	Many words are said but no meaning at all	Panudyo/ Salawikain

39	Hanan hinamal an pamag on ginamal on inhakmal	Kumakain na hindi nagtrabaho	Eating without working	Salawikain
40	Gahin hi onta mikilang ya ahi malmuy gahhilang hi iyanamut mahilamut	Kailangang mabilad sa araw may bago makakain	Work hard before having something to eat	Salawikain
41	Maid e ha iyanamut ya on ningamut ihan tun gumut	Walang sahod hindi dahil hindi marunong magtrabaho	No gain if no pain No work, no money	Salawikain
42	Ay nahuyuwan an adiy oggan maawan hitun nunhituwan	Taong-bahay lamang,	Living alone	Sawikain
43	Maaptoh te on waday luyoh na	Kitang-kita na may-kaya sa buhay(mayaman)	Its' obvious, they are rich	Sawikain
44	Aton ta ahi al-alyon	Gawin, bago sabihin	Do it before saying	Kasabihan

TALAHANAYAN 2

PROSESO NG PAGSASALIN SA MGA KAALAMANG-BAYAN NG IFUGAO

Ipinapakita sa talahanayan 2. Ang panuntunan sa proseso ng pagsasalin na isasagawa sa nakalap na kaalamang-bayan ng mga Tuwali ng Hingyon Ifugao. Ang ugnayang pampagsasalin ng Filipino at mga wikang katutubo ng Pilipinas. Hal. isang praktikal na tuntuning unahin ang pagsasalin ng mga teksto mula sa mga katutubong wika tungo sa Filipino. Upang matipon ang lahat sa Filipino bilang wika ng karunungan. Maapektuhan ng tuntuning ito ang kasalukuyang praktika na isalin ang panitikang-bayan mula sa mga katutubong wika tungo sa Ingles. (isang indikasyon ito ng kawalang malasakit ng edukasyong gradwado na gamitin ang Filipino bilang wika sa saliksik.) Gayunman, hindi dapat pigilan ang mga inisyatiba na magsalin mula at tungo sa mga wikang katutubo. Kailangan ding isagawa ang pagsasalin, kung may pondo at may maaring magsalin, mula sa Filipino tungo sa mga wikang katutubo.

Sa gabay ng pagsasalin, pinalaganap noon pa (1994).ayon kay Almario (1997). May apat na panukalang hakbang ang proseso ng pagsasalin alinsunod sa gabay:

- 1.Pagtutumbas: (a) mula sa Tagalog/Filipino, (b) mula sa ibang wika ang katutubo
- 2.Paghiram sa Espanyol
- 3.Paghiram sa Ingles: (a) panatilihin ng baybay.
(b)pagbabago ng baybay
- 4.Paglikha

Maliwanag sa naturang gabay na unang hakbang ang paghahanap ng katapat na salita mula sa Filipino. Ipinapanukala nito na dalubhasa sa wikang Filipino ang pagsasalin.Kaya hindi maaring maging mahusay na tagasalin ang dalubhasa lamang sa ingles o espanyol at wikang kolokyal lamang ang alam sa Filipino. Tulad ng reporter sa balita hinggil sa Sulpicio lines, tatamarin siyang magsalin at magiging balbon dahil sa maraming hiram sa ingles ang salin. Naidagdag ang gabay ang pagsasaliksik sa mga sawikain at idyomatikong pahayag upang higit na maging mabisa ang pagtutumbas.Sa kabilang dako, isang magandang dagdag na proseso sa pagtutumbas ang paghahanap ng katapat na salita mula sa ibang mga wikang katutubo ng Pilipinas.Wala ito sa mga tuntunin noon. Nasa likod nito ang pagbibigay ng wastong pagpapahalaga sa ibang katutubong wika ng bansa bilang pintungan ng wikang pambansa. Maraming dalumat at danas ang ibang katutubong wika na wala ang Tagalog. Sa halip manghiram agad sa banyagang wika, higit na kapaki-pakinabang at paghiram mula sa ingles. Ito ang realidad sa ating kasalukuyang buhay. Lansakan at halos tila ikalawang kalikasan na ng ating mga edukado pagkikiisa ng Ingles sa kanilang pangungusap. Hindi kataka-taka na ikatakot ng ilang guro ang lubhang pag-iral ng taglish. Subalit nagdudulot din ito ng problema sa pagsulat na pahayag dahil malimit na malayo ang anyo ng salitang ingles sa bigkas nito. Ang ikaapat na hakbang ang tila nakakalimutan ngayon ng akademya bagaman patuloy at mabisang ginagamit sa lansangan at sa buhay pang-araw-araw. Aktibong-aktibo ngayon sa gawain ito ang mga bakla (badaf, bading, shuding, atbpa). Napakahalaga ng proseso ito tungo sa malikhaing pagpapaunlad sa wika upang hindi tayo lubhang sumandig sa panghihiram. May mga importanteng dalumat pampolitika, gaya ng "laya/ kalayaan" at "katarungan" ang bunga ng ganitong malikhaing gawain. Ginagawa Ito ngayon sa ingles sa pangangalap ng bagong imbensiyaon at produkto ng saliksik. Samantala, Maaari nitong ilapit sa unawa ng karaniwang tao ang isang banyagang dalumat kung maigagawa ito ng neolohismong

umaalinsunod sa katutubong paglikha ng salita. Ganito ang bighani ng mabilis na popularidad ng "balikbayan" at "dagdag-bawas."

Pamantayan sa ebalwasyong pansalin at pagbabalido sa katutubong wika tungo sa pagsasaling wika sa Filipino ang mga kaalamang-bayang pambata ng Tuwali ng Ifugao

Ang gabay ng pagsasalin na ito'y ginamit din ni Tullao sa kanyang pananaliksik na Pagsasalin ng mga Konseptong Pang-ekonomiks at Pangkalakalan mula sa Ingles tungo sa Wikang Filipino na nabanggit sa suring papel ni Sablan, K. (2014). Natuklasan sa kanyang pag-aaral na na angkop ang kaparaanang ito sa pagsasalin sa mga teknikal at tiyak na salita kagaya ng income (kita), input (sangkap), development (pagsulong) wealth (yaman) at, market (pamilihan). Makikita sa mga halimbawang nailahad na sa pananaliksik na ito ay nagamit ang Isa-sa isang pagtutumbas subalit limitado lamang ang paggamit sa uri ng pagsasaling ito dahil hindi nagamit sa pag-aaral na ito ang tumbasan ng pangungusap sa kapwa pangungusap sapagkat maiiba ang nais nitong ipakahulugan. Ito'y sumasang-ayon sa pahayag ni Newmark (1988) na kapag yunit ng mga salita ang isasalin ay mas hindi angkop ang pamamaraang ito. Pinapatunayan nito na hindi maaaring iisang uri ng pagsasalin ang gagamitin sa pagsasalin.

3. Paraan ng pagpapabalido sa pagsasalin.

Ang paraan ng pagpapabalido ay isinaalang-alang para sa isang dalisay na pagpapakita ng wastong salin na katanggap-tanggap ng babasa sa(TL) tunguhang lengguwahe mula sa (SL) simulang lengguwahe.Ipinabasa sa mga piling guro sa wikang Tuwali na nagtuturo sa wikang Filipino para matugunan ang wastong salin sa mga nakalap na datos upang malinang ang kakayahang saliksik-salin para sa layunin ng pag-aaral na ito at walang kinikilingan sa kalalabasan ng pag-aaral.Isinagawa rin ang ebalwasyon sa salin ayon sa dalawang paraan ,ang pagsubok sa salin at ang kritisismo sa salin .May ilang kaparaanan ang naisagawa sa pagsubok sa salin :pansariling subok,pagkonsulta sa mga eksperto , pagsubok sa Pag-unawa,pagtanong sa di-eksperto,subok-gamit at pagsubok sa konsistensi. Ang kritisismo sa pagsasalin bilang isang paraan ng ebalwasyon sa salin ay mas malalim na gawain, binibigyang –pansin ang lahat ng salik at elemento sa proseso ng pagsasalin tulad ng layunin, uri ng teksto, estratehiya at limitasyon ng mga

mambabasa. Ayon kay Jorge-legazpi (1995) binigyan linaw sa modelong Stephen H. Straight ang tatlong dimension sa ebalwasyon ng isang salin: (1) Kaalaman ng kultural at panlingguwistika ng salin;(2) ang layunin ng tagasalin (3) ang paggamit ng intuwisyon. Naghain din si Almario et.al. (2003) ng mga tanong na mapaglinaw sa panunuri ni Straight; Ang salin ba ay kakitaan ng sapat na pagkaunawaan o kaalaman sa kultura at wika ng orihinal na awtor at ang tagasalin? (kaalaman). Ang salin ba ay naging matagumpay sa pagtatamo ng layuning nais ng tagasalin para rito? (Layunin), Kasisiya-siya at maganda ba ang salin? (inyuwisyon). Ang modelong Newmark (1988) din ay naisaalang-alang sa pagkritika sa salin na binigyang pansin ang mga sumusunod na hakbang:(1) pagsuri ng orihinal na teksto;(2) interpretasyon ng tagasalin sa layunin ng orihinal na teksto ;(3) paghahambing sa salin sa orihinal na teksto; (4) ebalwasyon ng salin batay sa tagasalin at sa kritiko; (5) pagtataya sa maging lugar ng salin sa kultura

IV. KONKLUSYON

Batay sa natuklasan, napagtanto ng mga mananaliksik ang mga sumusunod na kongklusyon:

- 1.Nagkakaroon na ng agwat at pagkakakilanlan ng lahing dinalumat ng panahon.
- 2.Mangilan-ngilan ang mga guro sa Filipino ang nakapag-ambag sa pagsasalin sa mga kaalamang bayan.
- 3.Ang pagkritik sa nagawang salin ay mas mahirap sa pag-aangkop ng mga orihinal na salita

V. REKOMENDASYON

Batay sa mga natuklasan at konklusyon, ang mga sumusunod ay inirerekomenda:

1. Isulong ang mga programang pangkultura at mga proyektong pampaaralan na magpapatibay sa pambansang pagkakakilanlan.
2. Magdaos ng mga pagsasanay, seminar, at workshop hinggil sa teorya at praktika ng pagsasalin.
3. Isama sa pagtuturo ng pagsasalin ang sistematikong pag-aaral ng translation criticism upang malinang ang kakayahang magsuri ng salin.
4. Magkakaroon pa ng ilang pananaliksik sa mga natatagong hiyas na kaalamang - bayan na hindi pa nailathala para sa makabagong henerasyon pagkakakilanlan sa sariling kaalamang-bayan para sa mas maunlad na pagtangkilik sa sariling lahing kaalamang-bayan.

MGA SANGGUNIAN

- [1.] Abluyen, E. M. (2011). *Isang pagsasalin at paglilimbag ng mga katutubong awit sa mga piling pook sa unang distrito ng Banaue* [Di-nalathalang tesis, Ifugao State University].
- [2.] Almario, V. (2015). *Introduksiyon sa pagsasalin: Mga panimulang babasahin hinggil sa teorya at praktika ng pagsasalin*. Komisyon sa Wikang Filipino.
- [3.] Almario, V. (2016). *Batayan ng pagsasalin*. Komisyon sa Wikang Filipino.
- [4.] Batnag, A. E., et al. (2009). *Teksbuk sa pagsasalin*. C&E Publishing, Inc.
- [5.] Baylon, C. (2017). *Ang panitikan ng Cordillera Administrative Region*. Retrieved April 21, 2017, from <https://www.scribd.com/document/335977212/Ang-Panitikan-Ng-Cordillera-Administrative-Region>
- [6.] Bautista, E. C. (2005). *Mga piling kagamitang panteknolohiya sa pagtuturo ng wika* [Di-nalathalang tesis, Pamantasang Estado ng Isabela].
- [7.] Binwag, A. C. (2012). *Isang mungkahing pampagtuturo sa masining na pagpapahayag para sa mga mag-aaral ng Kolehiyo ng Edukasyon* [Di-nalathalang disertasyon, Ifugao State University].
- [8.] De Leon, E. B. (2021). *Pananaliksik sa wika at panitikan*. Lorimar Publishing, Inc.
- [9.] Dumelod, V. (2007). *Isang pagsasalin sa Hudhud ni Aliguyon ke Bugan* [Di-nalathalang tesis, Ifugao State University].
- [10.] Gannaban, M. F. (2012). *Isang pagsusuri sa persepsyon sa at aktwal na kahusayang pampagtuturo ng guro* [PDF file]. Retrieved from https://www.researchgate.net/publication/318528545_Isang_Pagsusuri_sa_Persepsyon_sa_at_Aktwal_na_Kahusayang_Pampagtuturo_ng_Guro/link/596ef44ca6fdcc2416902202/download

-
- [11.] Gurdiel, et al. (2015). *Iba't ibang mga kasanayan at kagamitang pampagtuturo sa asignaturang pagtuturo sa panahon ng pandemya.*
- [12.] Immangdul, H. (2011). *Pagsasalin sa Filipino ng epikong Hudhud ng Ifugao at pagsusuri ayon sa kahalagahang pangmoral* [Di-nalathalang disertasyon, University of La Salette, Santiago City].
- [13.] Menendez, M. L. (2021). *Kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino para sa Baitang 10 ng Alfonso Lista, Ifugao.*
- [14.] Newmark, P. (1998). *A textbook of translation.* Prentice Hall.
- [15.] Silva, et al. (2016). *Kahalagahan sa pag-aaral ng kultura sa Luzon.* Retrieved from http://maharlikansite.blogspot.com/2016/07/kahalagahan_sa_Pagaaral_ng_kultura_sa_Luzon.html